PAGPILI PARA SA PAGSAKLAW SA KOMPENSASYON NG MGA MANGGAGAWA NG NEVADA PARA SA PINSALA SA LABAS NG ESTADO

SAPAGKAT, _____, (SSN ___-___-___) na tinutukoy rito bilang

EMPLEYADO, nagtamo at dumanas ng pinsala sa Estado ng _____, na nagmumula

sa at sa kurso ng kanyang trabaho sa _____ araw ng _____, 20 _____,

habang nasa trabaho ng_____ ; at
(Pangalan ng Negosyo)

SAPAGKAT, bilang resulta ng nasa itaas na pinsalang pang-industriya sa labas ng estado, ang naghahabol ng kompensasyon at mga benepisyo ang nakapirma sa ibaba (EMPLEYADO o ang kanyang mga dependent sa kaso ng kanyang kamatayan) sa ilalim ng Batas sa Insurance para sa Industriya ng Nevada (**Mga Nirebisang Batas sa Nevada** (NRS), Kabanata 616, ingklusibo mula A hanggang D) dahil sa nasabing pinsalang inilarawan sa itaas, at na may Pagsaklaw ng insurance sa industriya ang employer sa ilalim ng **Batas,** at

SAPAGKAT, nag-aatas ang **NRS 616C.195** na walang kompensasyon o benepisyong babayaran sa sinumang empleyado ng employer na saklaw sa ilalim ng Kabanata 616A hanggang D kasama ang **NRS**, kung saan nakatanggap ang naturang empleyado ng pinsalang nagmumula sa at sa panahon ng naturang trabaho sa labas ng estadong ito, hanggang sa ang naturang empleyado, ang kanyang personal o legal na kinatawan, mga dependent o kasunod na kamag-anak ay nag-execute o naghatid sa employer ng buo at kumpletong pahayag ng pinsala o pagkamatay, at na bumubuo sa waiver ang pagtanggap sa kompensasyon sa ilalim ng Kabanata 616A hanggang D kasama ang NRS ng naturang empleyado o ng kanyang mga dependent sa lahat ng karapatan at remedyo laban sa employer sa karaniwang batas o ibinigay sa ilalim ng mga batas ng anumang ibang estado; at

SAPAGKAT, pinahihintulutan ng **NRS 616C.215** ang empleyado, ang kanyang personal o legal na kinatawan, dependent o kamag-anak na magpatuloy laban sa sinumang ikatlong partidong maaaring naging sanhi ng aksidente sa industriya at na may ilang karapatan at obligasyon sa ilalim ng batas ng Nevada na nauukol dito.

NGAYON, KAYA, ayon sa iniaatas ng **NRS 616C.195**, at bilang pagsasaalang-alang para sa naturang pagbabayad ng kompensasyon at mga benepisyo sa ilalim ng Kabanata 616A hanggang D kasama ang NRS kung saan ang EMPLEYADO, ang kanyang personal o legal na mga kinatawan, mga dependent o kamag-anak, na makikita ang pirma o mga pirma rito, ay ganap at lubos na pinapalaya sa lahat ng pananagutan ang employer na pinangalanan sa itaas mula sa anuman at lahat ng pananagutan sa itaas na bunsod ng o lumala dulot ng inilarawang pinsala sa labas ng estado, at bukod pa rito'y wine-waive ang anuman at lahat ng karapatan at remedyo laban sa pinangalanang employer sa itaas sa karaniwang batas o ibinigay sa ilalim ng mga batas ng anumang ibang estado.

KARAGDAGANG PINAGKASUNDUAN, na kung sakaling ang EMPLEYADO, ang kanyang personal o legal na kinatawan, dependent o susunod na kamag-anak ay magpapatuloy sa aksyon ng ikatlong partido, maging sa Nevada o anumang ibang estado, laban sa sinumang ikatlong partido na maaaring naging sanhi ng aksidente sa industriya, sumang-ayon ang EMPLEYADO na sumailalim sa **NRS 616C.215**, kaugnay ng nasabing aksyon ng ikatlong partido at sakaling magkaroon ng isyu sa pagpili ng batas sa anumang aksyon ng ikatlong partido na nagsimula sa labas ng estado ng Nevada, na tungkol sa mga benepisyo at obligasyon sa kompensasyon ng mga manggagawa, partikular na sumasang-ayon ang nakapirmang dapat naaangkop ang batas ng Nevada sa ilalim ng **NRS 616C.215.**

PETSA: _____ NI: _____
Lagda

_____
(TITULO-Empleyado, Personal o Legal na Kinatawan,
Dependent o Sunod na Kamag-anak ng Empleyado)